
RCMP·GRC

ROYAL CANADIAN MOUNTED POLICE • GENDARMERIE ROYALE DU CANADA





# Ang RCMP sa Canada: Isang Gabay Para sa mga Bagong Dating





Royal Canadian Mounted Police  Gendarmerie royale du Canada

Canada











POLICE


POLICE




## Kontakin ang RCMP sa British Columbia

| | |
|---|---|
| **Emergensiya** | **9-1-1**<br>**(Ang mga natawag ay hindi kinakailangang nakapagsasalita ng Ingles)** |
| **Hindi Emergensiya** | **tawagan ang inyong lokal na RCMP detachment**<br>**http://www.rcmp-grc.gc.ca/detach/en** |
| **Website** | **www.bc.rcmp.ca (Ingles at Pranses)** |
| **Twitter** | **@bcrcmp** |
| **Facebook** | **BC RCMP News** |

# Talaan ng mga Nilalaman

Panimula ..... 5

Tungkol sa RCMP/Tungkulin ng Pulis ..... 5

Kontakin ang Pulis ..... 6

**Tumawag sa 911 – Emergensiya (Sa Biglang Pangangailangan) ..... 6**

Mga Hindi Sinasadyang 911 na Tawag ..... 6

Ano ang Kailangan Kapag Tumawag ka sa Pulis? ..... 7

Pag-uulat ng Krimen nang Hindi Nagpapakilala ..... 8

Ang Paggawa ng Pag-uulat sa Kompyuter o Online ..... 8

Ang Pakikipagtulungan sa Pulis ..... 8

Sa Inyong Tahanan ..... 8

Habang Nagmamaneho ..... 9

Kung ikaw ay Naipresinto o Naaresto ng Pulis ..... 10

Mga Katanungan, Pangangamba at Mga Reklamo ..... 10

Mga Serbisyo ng Biktima ..... 11

VictimLink BC ..... 11

Ulat Kriminal (Criminal Record) at Pagsiyasat sa mga Sektor na Mapalagay ng Alanganin (Vulnerable Sector Checks) ..... 11

Mga Oportunidad para sa Karera (Propesyon) ..... 12

Mga Opotunidad para Magtrabaho ng Boluntaryo ..... 12

Programang Pantulong (Auxiliary Constable) na Pulis ..... 13

Programang Pagpapanatili ng Hustisya (Restorative Justice Program) ..... 13

Mga Programa at Sebrisyo ..... 13

Domestikong Karahasan ..... 13

Mga Makapootang Krimen (Hate Crimes) ..... 13

Kalusugang Pangkaisipan at Trauma ..... 14


Mga Nawawalang Tao ..... 14

Kaligtasan ng mga Nakatatanda ..... 14

Pag-abuso sa Nakatatanda ..... 15

Pagsugpo sa Krimen ........ 15
Personal na Kaligtasan ........ 15
Pagnanakaw ........ 15
Krimeng Pangsasakyan (Auto Crime) ........ 16
Seguridad sa Tahanan ........ 16
Kaligtasan sa Kalsada ........ 16
Mga Panlilinlang at Pandaraya (Frauds and Scams) ........ 17
Panatilihing Ligtas ang Inyong Mga Anak ........ 17
Pagpapanakot (Bullying) ........ 17
Kaligtasan sa Internet ........ 18
Mga Pangkat Kriminal o Grupong Mapanganib (Gangs) ........ 18
Mga Bawal na Gamot ........ 19
Mga Karagdagang Pangangailangan Mula sa BC ........ 20









POLICE
9-1-1
Canada





## Panimula

Ang gabay na ito ay ginawa upang magbigay ng impormasyon tungkol sa:

- tungkulin ng pulis sa Canada
- kung kailan at paano kontakin ang pulisya
- kung ano ang aasahan kung nilapitan ka o tanungin ka ng pulis,
- mga programa sa pagsugpo ng krimen
- kung paano ka maaaring aktibo sa pagsugpo ng krimen sa inyong lugar.

## Tungkol sa RCMP/Tungkulin ng Pulis

RCMP ay siyang pambansang serbisyo ng pulisya sa Canada, at sa BC ay umaakto din ito bilang puwersang pampulis na sinasaklawan ng maraming mga bayan at lungsod. Ang RCMP ay panatang nakatuon sa pagkadamdamang kultura na walang pinapanigan o pinapaboran at respetong tinatrato ang lahat ng tao. Ang RCMP ay responsable para sa:

- pagsugpo at pag-iimbestiga ng krimen;
- pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan;
- pagpapatupad ng mga batas; tumutulong sa pambansang seguridad;

Sa partikular, ang RCMP ay maaaring tumulong sa mga sitwasyon tulad ng:

- Pag-iimbestiga sa isang krimeng akyat-bahay.
- Pangangasiwa sa kaligtasan ng trapiko kung may banggaan ng sasakyan.
- Paghahanap sa isang nawawalang tao.
- Pag-aalok ng impormasyon sa pagpipigil ng krimen upang maiwasan pa ang karagdagang krimen.
- Paglahok sa mga pagdiriwang sa komunidad at pangangasiwaan ng trapiko sa malalaking kaganapan o pagdiriwang.

## Mga Uniporme

Ang mga pulis ay nagtatrabaho sa iba't ibang mga tungkulin tulad ng pangkalhatang pagpapatrolya, serbisyong pangtrapiko at mga katatanging serbisyo ng pag-iimbestigasyon. Maaaring sila ay magsuot ng iba't ibang uniporme, tulad ng:

- **Regular na Uniporme** – isinusuot ng mga nakasalukuyang naitalaga na manungkulang mga opisyal, serbisyong pangtrapiko, at mga pangkomunidad na opisyal pampulis.
- **Pula o Asul na Sarhento** – karaniwang isinusuot para sa mga espesyal na okasyon o seremonyal na tungkulin. Ang imahen na pulang sarhento ay isang unipormeng kilala sa buong mundo bilang simbolo ng Canada.
- **Kaswal/Karaniwang Damit** – ang mga espesyal na lupon/grupo ay maaaring nakabihis pangkalakal o kaswal na damit depende sa tungkulin.




Kung hindi kayo tiyak na ang isang tao ay isang pulis, maaari mong hilingin na makita ang kanyang pagkakakilanlan na kard bilang pulis o tsapa. Maaari mo ring tawagan ang iyong lokal na opisina ng pulis upang mapatunayan ang impormasyon.

## Kontakin ang Pulis

Hinihimuk kayo na kontakin ang inyong lokal na serbisyong pulis **upang iulat ang lahat ng krimen at kahina-hinalang aktibidades**. Ang pag-uulat ng krimen ay makakatulong sa amin upang makilala at mahuli ang mga suspek, masubaybayan ang kriminal na nalalaganap, at malaman kung paano gagamitin ang aming mga kasangkapang pangtungkulin.

### Tumawag sa 911 – Emergensiya (Sa Biglang Pangangailangan)

Para sa pulis, sunog o medikal na emergensiya, tumawag kaagad sa 911 (24 oras ng buong araw, 7 araw bawat linggo).

**Mga halimbawa kung kailan tatawag sa 911:**

- Kabilang sa mga emergensiya ang isang sunog, isang nagaganap na krimen, o isang insidenteng medikal na nanganganib ang buhay ng isang tao at nangangailangan ng ambulansiya.
- Kapag ang buhay ng isang tao ay nasa panganib o may biglang banta sa isang tao o ari-arian.
- May nangyayaring isang krimen, tulad ng pilitang paghihimasok/akyat-bahay na walang pahintulot sa isang tahanan.
- Kapag may nagaganap na malubhang krimen at ang suspek ay maaring nasa paligid at / o maaring bumalik sa lugar.
- Kapag may malaking posibilidad na maaresto ang isang suspek o maaaring pigilan ang isang malubhang krimen.

Kapag tumawag ka ng 911, tatanungin ka ng operator kung kailangan mo ng pulis, bumbero o ambulansiya at kung aling lungsod. Kung hindi ka makapagsalita ng Ingles, ipaalam mo sa operator kung anong wika ang nais mong gamitin at gagawin nila ang kanilang makakaya upang makahanap ng isang taong nagsasalita ng wika mo. Halimbawa, maaari mong sabihin “police, Surrey, and speak Mandarin.”

Kung hindi mo magawang makipag-usap sa anumang dahilan, ang operator ay kaagad magpapadala ng isang pulis opisyal sa tirahang nakatala sa numero ng telepono na pinagmulan ng tawag.

**Mga Hindi Sinasadyang 911 na Tawag**

Libo-libong mga hindi sinasadyang 911 na tawag ang natatanggap sa bawat taon. Upang matulungang maiwasan ang ilan sa mga tawag na ito:

- Huwag itakdang ipa-programa ang 911 sa inyong telepono sa bahay o cell phone.
- Tiyakin na ang inyong cell phone ay naka-kandado upang maiwasan ang aksidental na pagpindot kung ito ay nasa bulsa.
- Ipaliwanag sa mga bata kung paano at kailan dapat tawagan ang 911, gayundin ang numerong Hindi Emergensiya

**Kung hindi sinasadyang na i-pindot mo ang 911, manatili sa linya upang makausap ang operator. Kung hindi, kailangan namin tawagan kayo o puntahan kayo. Ang aming prayoridad ay upang matiyak na ligtas kayo. Kayo ay hindi pagagalitan o mumultahan dahil sa maling pagtawag, ngunit hinihiling namin sa inyo na huwag ibaba ang telepono, palaging manatili sa linya at ipaliwanag kung ano ang nangyari.**

Tawagan ang linyang hindi pang-emergensiya kapag kailangan mong mag-ulat ng isang krimen na hindi sa pangangailangang bigla. Bumisita sa RCMP website upang malaman ang inyong lokal RCMP na numerong hindi pang-emergensiya: http://www.rcmp-grc.gc.ca/detach/en (Ingles at Pranses)

**Mga Halimbawa ng Tawag na Hindi Pang-Emergensiya:**

- Pag-uulat ng isang krimen na nangyari na at walang mga suspek (hal. paghimasok sa iyong sasakyan nang buong magdamagan).
- Pag-uulat ng kahina-hinala o nakakaistorbong gawain (hal. isang maingay na pagdiriwang).
- Pagkuha o pagbigay ng karagdagang impormasyon na mayroon ka na para sa naitala na sa pulis.

***MAGMASID AT MAG-ULAT.***

*Kung may isang bagay na sa tingin mo ay hindi karaniwan o wala sa lugar, sundin ang iyong kutob at mag-ulat sa pulisya. Kabilang sa mga kahina-hinalang aktibidaes ang:*


- *Pagsilip sa mga bintana ng kotse at tahanan*
- *isang taong hindi kilala na walang malinaw na layunin para manatili sa isang lugar o kapitbahayan*

**Ano ang Kailangan Kapag Tumawag ka sa Pulis?**

Ang mga telecommunications operator ay mga dalubhasang may kasanayan sa pagtatanong ng ispesipikong impormasyon mula sa iyo sa pamamagitan ang isang serye ng mga katanungan. Sa pananatili mo sa linya ng telepono, pagiging kalmado, at pagsagot sa mga tanong, matutulungan mo kami sa aming pagtugon. Habang sinasagot mo ang mga tanong na ito, ang telecommunications operator ay pinapasa ang impormasyon sa pulis na papunta sa inyong lugar.

**Ang ilang bagay na itatanong sa iyo ng telecommunications operator ay ang mga sumusunod:**

- **ANO** ang insidenteng iniuulat?
- **KAILAN** ito nangyari?
- **SAAN** ito nangyari?
- **SINO** ang mga kasangkot?
- **BAKIT** ito nangyari sa tingin/palagay mo?



Maaari ring itanong ng operator kung mayroong anumang alak, mga droga o mga armas sa lugar ng pinagganapan upang maibigay nila ang impormasyon sa mga opisyal na pupunta doon.

Kung ikaw ay kasangkot sa insidente ng pulis bilang isang suspek, saksi o biktima, itatanong ng opisyal ang iyong:

- Buong pangalan
- Petsa ng kapanganakan
- Tirahan at numero ng telepono.

Ang impormasyong ito ay ipapasok sa iniingatang sa isang matibay na listahan na ulat ng pulis (secured police database). Ang iyong impormasyon ay hindi ibibigay sa kanino man o gagamitin para sa iba pang layunin.

**Pag-uulat ng Krimen nang Hindi Nagpapakilala**

- Kung nais mong mag-ulat ng isang krimen nang 'di nagpapakilala maaari mong kontakin ang Crime Stoppers sa 1-800-222-TIPS o online sa http://www.bccrimestoppers.com/
- Ang Crime Stoppers ay tumatanggap ng impormasyon sa mahigit na 115 wika.
- Maaari mong iulat ang krimen sa pamamagitan ng pagbisita sa mga lugar pang pulis serbisyo sa inyong komunidad.
- Maaari mong i-text ang 9-1-1 kung ikaw ay nakarehistro na isang bingi, mahina ang pandinig o isang taong may kapansanan sa pagsasalita.

**Ang Paggawa ng Pag-uulat sa Kompyuter o Online**

Ang ilang uri ng krimen ay maaari na ngayong iulat online. Tingnan sa web page ng inyong lokal pang pulis serbisyo upang malaman kung may kapabilidad para sa pag-uulat online.

Kung magagamit ang online reporting sa inyong lugar, ang mga kategorya para sa pag-uulat ay ang mga sumusunod:

- Mga nawala o ninakaw na ari-arian na mababa ang halaga sa $ 5,000 (walang saksi).
- Paninira o puwersahang pagsimasok sa kotse na mababa sa halagang $ 5,000 (walang saksi).
- Pagsagasa at tinakbuhan (hit and run) na pinsala na mababa sa $ 5,000 (walang saksi).
- Isang paglabag sa trapiko tulad ng mapanganib na pagmamaneho.




## Ang Pakikipagtulungan sa Pulis

May mga dahilan kung bakit ang pulis ay maaaring kailangang makipag-usap sa iyo kahit sa loob ng iyong tahanan o sa inyong komunidad. Halimbawa, ang pulis ay maaaring nais na:

- Pag-usapan ang tungkol sa isang kasalukuyang imbestigasyon.
- Paghahanap sa inyong kapitbahayan tungkol sa impormasyon sa isang naganap na krimen.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa pagsugpo sa krimen at kaligtasan

Karaniwan ay maaari mong makilala ang mga pulis sa kanilang uniporme. Kung minsan, maaari kang kausapin ng mga pulis na hindi naka-uniporme. Kung may duda ka sa identipikasyon ng isang pulis, maaari mong hilingin na makita ang kanyang opisyal na identipikasyon, pati na ang pangalan at numero ng tsapa ng pagka pulis.

**Sa Inyong Tahanan**

Kung ang pulis ay dumating sa inyong tahanan habang ikaw ay naroon, dapat mong buksan ang pinto. Kung mayroon kang mga kultural na tradisyon na gusto mong ipaalam sa opisyal, mangyaring sabihin ito sa kanila. ***Kailangang tandaan na ang mga pulis na nakatakda sa kanilang tungkulin sa araw na iyon ay hindi maaaring alisin ang kanilang mga sapatos kapag pumasok sila ng bahay.***

Huwag matakot na magtanong kung mayroon kang hindi maunawaan. Kung hindi ka nakakapagsalita ng Ingles, maaari mong hilingin sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan o kahit na isang kapitbahay na tulungan ka. Kung walang ibang tao sa paligid, gagawa ng paraan ang opisyal upang makahanap ng isang tao na nagsasalita ng iyong wika.

**ANO ANG ISANG……**

***Biktima***

Isang tao na nasaktan ang damdamin o katawan bilang resulta ng isang krimen, aksidente o pangyayari.

***Saksi***

Isang tao na nakasaksi ng isang krimen o aksidente na nangyari.


***Suspek***

Isand tao na pinaghihinalaang gumawa ng krimen o pagkakasala.

**Ang mga police officer ay maaaring pumasok sa inyong tahanan kapag:**

- Sila ay inanyayahang tumuloy ng isang taong nakatira sa tahanan.
- Mayroon silang makatwirang dahilan upang maniwala na may emergency o isang tao na sinasaktan.
- Mayroon silang isang legal na dokumento na nagsasaad na sila'y may pahintulot na pumasok.
- Sila ay nagsisiyasat sa kalagayan ng isang residente sa tahanan (halimbawa, nahintong pagtawag sa 911)

## Habang Nagmamaneho



Ang pulis ay may awtoridad na ihinto ang isang sasakyan anumang oras dahil sa pagsuway sa mga alituntuning pagmamaneho o iba pang mga paglabag. Ang pulis ay magsasabi sa iyo na huminto ka sa kalsada o sa kanilang mga sasakyan sa pamamagitan ng pagsenyas ng kamay o kaya paggamit ng mga ilaw, sirena o loudspeaker.

**Upang matiyak ang kaligtasan ng bawat isa kapag pinahinto ng pulis, dapat kang:**

- Magdahan-dahan at pumarada sa kanang bahagi ng kalsada kung ligtas na gawin ito.
- Manatili sa iyong sasakyan maliban kung pinababa ka ng pulis.
- Buksan ang iyong bintana at panatilihing nakikita niya ang mga kamay mo.
- Makipag-usap sa pulis at ibigay ang anumang hinihiling na mga dokumento gaya ng lisensya sa pagmamaneho at kopya ng rehistro ng sasakyan. Naka-atas sa batas na ipakita ang mga dokumentong ito sa isang pulis kapag hiningi ang mga ito.


Dalawang pangunahing kategorya ng paglabag sa trapiko:
**Mga Paglabag na Gumagalaw (Moving Violations):** Pagmamabilis, hindi huminto sa red light o stop sign, hindi tamang paglipat sa linya ng kalsada o masyadong malapit sa ibang sasakyan.

**Mga Paglabag na Hindi Gumagalaw (Non-moving Violations):** Hindi nakasuot ng seat belt, sira ang brake lights, o walang maipakitang lisensiya sa pagmamaneho, rehistro ng sasakyan, o katibayan ng insurance para sa sasakyan.

Ang iba pang dahilan para ihinto sa pagmamaneho ay ang mga sumusunod:

- Pagmamaneho nang lasing (drunk driving)
- Mapanganib o walang ingat na pagmamaneho
- Paggamit ng cell phone habang nagmamaneho (hal. texting)
- Kriminal na imbestigasyon. Halimbawa, kung ikaw, ang iyong mga pasahero at/o iyong sasakyan ay tumugma sa deskripsyon ng isang taong hinahanap ng pulis.
- Mga pag-aalala/pangangamba sa kaligtasan

Sa maraming dahilan, ang traffic stops ang pinaka-mapanganib na aspeto ng tungkulin ng pulis. Mas maraming mga pulis ang nasusugatan o namamatay dahil sa pagsasagawa ng routine traffic stops kaysa sa iba pang gawain. Ang mga pulis ay dapat obserbahan ang mga aksyon at galaw ng mga pasahero ng sasakyan, kasabay ng pagsubaybay ng walang tigil sa trapiko sa paligid. Ang mga pulis ay sinanay upang gumawa ng ligtas na pagpapahinto ng sasakyan sa pamamagitan ng pagsunod sa isang tiyak na pamamaraan. Maaaring mag-alala ka sa paraan ng paglapit nila sa iyong sasakyan, ngunit hindi nila tangkang takutin ka.



**Kung ikaw ay Naipresinto o Naaresto ng Pulis**

Sa ilalim ng Canadian Charter of Rights and Freedoms mayroon kang mga karapatan kung ikaw ay naaresto o naipresinto ng pulis. Kabilang sa mga karapatang ito ang:

Sabihin sa iyo kung bakit ka inaaresto o inipresinto.

Ipaalam sa iyo na may karapatan kang magkaroon ng isang abogado nang walang pag-antala (ibig sabihin kapag ang sitwasyon ay kontrolado na at may tiyak ng kaligtasan ng bawat isa.)

Pahintulutan na tumawag sa sino mang abogadong gusto mo o humingi ng libreng payo mula sa isang legal aid lawyer.

Ang mga kabataang wala pang 18 taon gulang ay may karagdagang mga karapatan sa ilalim ng Young Offender Act, isa rito ay ang karapatang makausap ang magulang o tagapag-alaga.

Ang pulis ay may karapatang ipresinto ka kung naniniwala silang mangyaring kasangkot ka sa isang nangyaring krimen. Karaniwan, gagamitin nila ang panahon na iyon upang higit na magsiyasat ng sitwasyon at magtanong. Kapag ikaw ay naaresto dahil sa isang krimen, maaaring kapkapan ka ng pulis, kung anuman ang mga dala-dalá mo at ang sasakyan mo kung malapit ito sa iyo sa oras ng pag-aresto. Ginagawa nila ang pagkapkap at pagsisiyasat upang siguruhin ang kaligtasan ng bawat isa, maghanap ng ebidensya, at maprotektahan ang ebidensiya na huwag masira.

**Mga Katanungan, Pangangamba at Mga Reklamo**

Kung mayroon kang mga tanong, ina-alala/pangangamba o mga reklamo tungkol sa iyong karanasan sa mga pulis ikaw ay may karapatang magreklamo. Maaari mong kontakin ang iyong lokal RCMP detachment anumang oras upang sabihin ang iyong mga pangangamba.

Kung ayaw mong kontakin nang direkta ang RCMP detachment ngunit may mga pag-alala/pangangamba ka pa tungkol sa naging karanasan mo sa pulis, maaari ring makipag-ugnayan ka sa Civilian Review and Complaints Commission for the RCMP (CRCC):

- Para sa lahat ng panig ng Canada: 1-800-665-6878
  TTY: 1-866-432-5837 (Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig)
- Civilian Review and Complaints Commission for the RCMP
  P.O. Box 1722, Station B
  Ottawa, ON K1P 0B3
- Website: https://www.crcc-ccetp.gc.ca/ (Ingles at Prances)

## Mga Serbisyo ng Biktima

Mga serbisyo para sa biktima na ibinibigay sa tamang oras. Ito ay may mahalagang papel upang mabawasan ang masamang epekto sa biktima at upang hindi maulit na mabiktima.

Ang layunin ng RCMP Victim Services Program ay:

- Bawasan ang epekto ng krimen at trauma sa mga biktima at kanilang pamilya at upang matulungan sila na gumaling;
- Matiyak ang kaligtasan ng biktima at makatulong na bawasan ang panganib na muling mabiktima;
- Mapataas ang antas ng paglahok ng biktima sa sistema ng hustisyang pang-kriminal;
- Maihanda ang mga biktima bilang mga saksi sa mga paglilitis sa hukuman.

Mula sa pagtawag upang humingi ng tulong, hanggang sa imbestigasyon ng isang krimen, pag-aalok ng referral, at gawaing pag-pulis na may mahigpit na pakikipagtulungan sa victim services organizations; matitiyak na ang mga biktima ng krimen ay makakatanggap ng suportang kailangan nila ng walang pagkaantala.

**VictimLink BC**

Ang VictimLink BC ay pang buong sakop na probinsiyang telepono na  tumutulong (help line) para sa mga biktima ng krimen. Sa VictimLink BC, ang mga victim support workers o mga nagtratrabahong sumusuporta sa mga biktima, ay nagbibigay ng impormasyon at referrals sa lahat ng biktima ng krimen, at suporta sa krisis ng mga biktima ng karahasan sa pamilya at sekswal na karahasan, kabilang ang asultang sekswal, karahasan sa relasyon, pag-abuso sa nakatatanda, at ang mga nakakatandang nakaligtas sa pisikal o sekswal na pang-aabuso.



Ang VictimLink BC ang nag-uugnay sa mga tao sa isang pangkalahatang ugnayan ng komunidad, sosyal, pangkalusugan, hustisya at mga kagamitan ng pamahalaan, kabilang ang mga serbisyo ng mga biktima, pabahay habang patungo sa bagbabago at pagpapagaling, at mga tulong/kagamitang pagpapatnubay. Sila ay nagbibigay din ng impormasyon tungkol sa sistemang panghustisya, mga nauukol na pang-Federal at pang-Probinsiyang batas at mga programa, pagsugpo ng krimen, matibay na pagpaplano ng kaligtasan, protection order registry, at iba pang mga pangangailangan.

Maaaring tawagan ang VictimLink BC sa 1-800-563-0808. Para sa karagdagang impormasyon sa VictimLink, mangyaring puntahan ang kanilang website sa: http://www.victimlinkbc.ca/ (Ingles)

## Ulat Kriminal (Criminal Record) at Pagsiyasat sa mga Sektor na Mapalagay ng Alanganin (Vulnerable Sector Checks)

Maaaring kailanganin mo ng pagsusuri ng ulat kriminal tungkol sa iyo para sa ilang mga layunin, kabilang ang: trabaho, pag-aampon, internasyonal na paglalakbay, trabahong boluntaryo, pagkamamamayan, pagbabago ng

pangalan, student placement o upang makakuha ng pagsuspindi ng krimeng ulat (dating tawag ay "pardon"). Kapag nag-aaplay para sa pagsusuri ng ulat kriminal (criminal record check), kontakin muna ang iyong lokal na pulis serbisyo. Ang iba pang impormasyon ay matatagpuan sa:

bc.rcmp.ca > Safety Tips

Ang isang ulat kriminal (criminal record file) ay kabilang ang mga kasong kriminal ng isang tao, mga hatol sa pagkakasala at mga pagkalabas mula sa bilangguan, pati ang impormasyon ng fingerprint. Kasama dito ang mga fingerprint kung ang taong ito ay naisakdal o nahatulan.

**Pagsiyasat ng Ulat Kriminal (Criminal Record Check):** Ang prosesong ito ay nagpapatunay kung ang isang tao ay may criminal record at ibibigay ito sa aplikante ang detalyadong impormasyon na maaaring legal na ilantad.

**Pagsiyasat ng mga Sektor na Mapalagay ng Alanganin (Vulnerable Sector Check):** Ang prosesong ito ay nagkukumpirma kung ang isang tao ay may ulat kriminal , pati rin kung may nakatalang suspensiyon (dating tawag ay "pardon") para sa mga pagkasalang sekswal at mga nakatalang pagkakasala galing sa pulis lokal na kinakailangan para sa VS check. Ang impormasyon na maaaring legal na ilantad ay ibibiigay sa aplikante.

**Tandaan:** Kung kinakailangan ninyo ang serbisyoukol sa fingerprinting  para sa immigrasyon, mangyaring magdala ng isang sulat o pormularyo mula sa Immigration Department na itinatakda kung ano ang mga kakailanganin, kasama ng identipikasyon.

## Mga Oportunidad para sa Karera (Propesyon)

Walang ibang pulisya sa Canada ang nagbibigay ng iba't-ibang antas ng serbisyo tulad ng inaalok ng RCMP. Sa mahigit sa 150 espesialisasyon, ang propesyon sa RCMP ay punô ng oportunidad para sa patuloy na pag-aaral at pag-unlad.

Ang RCMP ay nag-aalok ng karera na walang katulad. Kung nais mong maging makabuluhan sa iyong komunidad at sa iyong bansa, tuklasin kung ano ang maiaalok namin sa iyo at pumili ng isang karera na talagang naiiba!

Upang mag-aplay sa RCMP dapat mong matugunan ang mga kinakailangan at handa kang tumira ng 6 na buwan sa RCMP Academy sa Regina, Saskatchewan. Para sa kumpletong listahan ng mga kinakailangan at mga nalalapit na panahong paghihikayat, maaring puntahan ang:

www.rcmp-grc.gc.ca (Ingles and Pranses)

## Mga Opotunidad para Magtrabaho ng Boluntaryo

Ang mga nag-boboluntaryo ay mahalagang bahagi para sa matagumpay na paghahatid ng mga pulis serbisyo sa komunidad, at lalong mahalaga sa detachment level kung saan ang kanilang trabaho ay madalas na malapitan kasama ang mga miyembro, mga empleyado, at mga kliyente sa komunidad.




Ang layunin ng programang pamboluntaryo ay upang makadagdag at hindi palitan ang mga empleyado. Ang mga boluntaryo ay hindi gumagawa ng pagpapatupad ng batas o operasyonal na tungkulin tulad ng mga trabahong ginagawa ng mga Regular na miyembro.

Ang mga boluntaryo ay natulong sa halos lahat ng aspeto ng pamumulis. Ang mga ilang halimbawa ay ang mga sumusunod:

- Pagmanman/Pagmamasid sa Bloke (Block Watch)
- Pulang Ilong na Operasyon (Operation Red Nose)
- Kompitisyon ng mga Bisikleta/Pagpapatrolya (Bike Rodeos/Patrols)
- Pagmanman/Pagmamasid sa mga Paliparan/Baybayin (Airport/Coastal Watch)
- Mga Banda ng Tubo at Dram (Pipes and Drums Band)
- Programa Para sa mga Serbisyo ng Biktima (Victim Services Program)
- Komite Para sa Patnubay Pangkomunidad (Community Advisory Committee)
- Mga Mamamayang Nagpapatrolya (Citizens on Patrol)
- Mga Opisina ng Pamumulis Pangkomunidad (Community Police Offices)

Ang mga boluntaryo sa RCMP ay dapat matugunan ang ilang mga kailangan kabilang ang edad na hindi bababa sa 16 taong gulang, responsable at may mabuting ugali at kalooban, at nakamit ang naaangkop na antas ng security clearance.

**Programang Pantulong (Auxiliary Constable) na Pulis**

Ang mga Auxiliary Constable ay mga naka-unipormeng boluntaryo na kalahok sa mga aktibidades pampulis ng komunidad pero walang armas at nasa ilalim ng pangangasiwa ng RCMP. Sila ay tumutulong sa gawaing pampulis base pang-komunidada at pagsugpo ng krimen, at maaari ding tumulong sa pulis sa ibang mga kalagayan.

**Programang Pagpapanatili ng Hustisya (Restorative Justice Program)**

Ang Programang Pagpapanatili ng Hustisya (Restorative Justice Program) ay isang programang pang-boluntaryo na sumusuporta sa mga kabataan sa pamamagitan ng paghikayat sa kanila na maunawaan ang mga epekto ng krimen na ginawa nila at nagbibigay ng pagkakataon na sila ay magpakabuti. Bilang isang boluntaryo, tutulong ka sa pag-oorganisa at pag-daos ng mga pagtitipon sa pagitan ng mga may sala at mga biktima.

## Mga Programa at Sebrisyo

**Domestikong Karahasan**

Ang karahasan sa tahanan ay maaaring maging sa uring pisikal, emosyonal o sekswal na pag-abuso. Maaari itong mangyari sa anumang relasyon at nakakaapekto sa mga tao anuman ang kasarian, edad, o etnikong pinagmulan. Ang domestikong karahasan ay hindi isang pribado o pampamilyang bagay, ito ay labag sa batas. Kung ikaw o sino mang kakilala mo ay nabiktima ng karahasan sa tahanan, may makukuhang tulong. Maaari mong kontakin ang iyong lokal serbisyong pulis o VictimLink BC sa 1- 800-563-0808. Maaari silang magbigay ng tulong sa iba't ibang wika.

**Mga Makapootang Krimen (Hate Crimes)**

Sa Canada, ang makapootang krimen o tinatawag na "hate crime" ay natutukoy bilang anumang kriminal na pagkakasala laban sa isang tao, grupo o ari-arian na ang dahilan ay ang matinding poot at hindi matuwid na pagtrato sa isang partikular na grupo. Sa BC ay may dedikadong pangkat/koponan na nakalaan para sa Hate Crimes. Ang sumusunod ay ang mga kinilalang grupo na tinukoy sa Criminal Code of Canada: Lahi, kulay, etniko at wika, relihiyon, edad, pangkaisipan o pangkatawang kapansanan, kasarian o sekswal na oryentasyon, at iba pang mga katulad na kadahilanan.

Ang mga makapootang krimen (hate crimes) na iniulat sa pulis ay seryosong pagtutunan ng pansin. Ang mga taong nahatulan ng makapootang krimen ay maaaring mapatawan ng mas mabigat na sentensya kaysa sa ibang kriminal na pagkakasala na hindi poot ang motibo.

Ang pamahalaan, pulisya at mga organisasyon sa komunidad ay nagkakaisa upang labanan ang makapootang krimen. Ang mga organisasyong ito ay nagkaka-isa upang protektahan at suportahan ang bawat tao at mga komunidad na naapektuhan ng mga pagkamuhi batay sa identidad.

- Tumawag sa 9-1-1 upang mag-ulat ng Kapootang Krimen.
- Kapag nag-uulat ng isang insidente, sabihin na kayo ay nag-uulat ng isang Kapootang Krimen.

- Iulat ang mga emergensiya tulad ng mga atake, gahasa at mga pagbabanta
- Iulat ang mga hindi emergensiyang krimen tulad ng graffiti, bandalismo at poot propaganda. Ang operator ay ikukonekta kayo sa naaangkop na detachment upang matugunan ang sitwasyon.

**Kalusugang Pangkaisipan at Trauma**

Ang pagdating sa isang bagong bansa ay hindi madali, lalo na para sa isang tao na nagmula sa lugar na may kaguluhan. Pagkatapos ng isang traumatikong pangyayari, o serye ng mga nangyayari, ang ilang mga tao ay patuloy na nakakaranas ng pagbabalik-alala ng matinding pagkakabalisa at iba pang mga problema. Maaaring makaapekto ito ng malaki sa kanilang buhay. Ito ay tinatawag na post-traumatic stress disorder, isang tipo ng sakit sa kaisipan. Ang trauma at post-traumatic stress disorder ay karaniwang sintomas at kundisyon para sa mga taong sapilitang lumisan ng kanilang mga tahanan at bansa dahil sa mga digmaan.

Kung sa tingin mo na ikaw o sinumang mahalaga sa iyo ay may post-traumatic distress disorder, ang pinakamabuting magagawa mo ay makipag-usap sa iyong doktor. Tingnan din ang mga kagamitan (resources) sa likod na bahagi ng aklat na ito para sa mga pagkukunan ng tulong sa inyong lugar.

**Mga Nawawalang Tao**

Kung ang isang asawa, anak, kaibigan o kamag-anak ay nawawala, dapat mong kontakin ang pulis. **Hindi mo kailangang maghintay** ng ilang oras upang iulat ang isang taong nawawala. Ang pulis ay magtatanong sa iyo ng impormasyon tungkol sa nawawalang tao at karaniwang gawi ng taong ito. Ang pulis ay hihingi ng litrato at iba pang impormasyon na maaaring makatulong upang hanapin ang nawawalang tao.

Kung kayo ay dadalo sa isang malaking pagtitipon na kasama ang inyong mga anak, gumawa ng isang planong pangkaligtasan bago nito, upang malaman kung ano ang gagawin sakaling kayo ay magkahiwa-hiwalay.

Ito ay maaaring ang pagtatakda ng isang lugar na tagpuan na alam ninyo o turuan ang inyong anak na magtanong at huminingi ng tulong sa isang autoridad o pulis.

**Kaligtasan ng mga Nakatatanda**

Ang impormasyong ito ay nauukol sa komunidad at higit sa lahat sa mga nakatatanda at kanilang mga taga-pag-alaga bilang pagkilala sa mga nagaganap na pang-aabuso sa matatanda, pagkabahala sa kaligtasan, panlilinlang at mga pandaraya.

Ang RCMP ay nakatuon ang pansin na bawasan ang mga insidente laban sa mga nakatatanda at sa pakikipagtulungan ng mamamayan, maaari tayong makalikha ng mas ligtas na mga komunidad.



Ang pag-aaral at kamalayan sa mga teknikalidad na pag-iwas ay maaaring makatulong sa inyo upang matukoy ang isang potensyal na krimen at maipakita sa inyo kung paano mababawasan o aalisin ang panganib.

Ang pagiging kasali sa inyong komunidad at ang makilala ang inyong lokal na pulisya ay makakatulong sa inyong seguridad. Ang inyong paglahok ay maaari ring mapahusay ang mga programa at serbisyong inaalok sa inyong komunidad.

Para sa karagdagang impormasyon puntahan ang:

bc.rcmp.ca > Safety Tips > Personal Safety > Seniors Safety Guidebook (Ingles at Prances)

**Pag-abuso sa Nakatatanda**

Ang tinutukoy na pag-abuso sa nakatatanda ay ang karahasan, maling pagtrato o kapabayayaang maaaring nararanasan ng mga matatanda na nakatira sa mga pribadong residente o institusyon sa mga kamay ng kanilang asawa, anak, iba pang miyembro ng pamilya, mga tagapag-alaga, mga tagapagbigay serbisyo at mga indibidwal na nasa posisyon ng kapangyarihan o tiwala.

Ang pag-abuso sa nakatatanda ay maaaring iba't ibang uri o ugali na kapansin-pansin sa mga taong madalas makaugnayan ng nakatatanda.

**Mga uri ng Pang-aabuso sa Nakatatanda:**

- Kapabayayaan (ng iba)
- Pisikal na Pag-abuso
- Sekswal na Pag-abuso at Sekswal na Pagsasamantala
- Sikolohikal at Emosyonal na Pang-aabuso
- Pang ekonomiyang Pag-abuso (pagnanakaw o maling paggamit ng pera o ari-arian ng isang matanda)
- Institusyonal na Pag-abuso (masikip, mababang kalidad at/o tirahan na marumi ang kapaligiran)
- Paglabag ng mga Karapatan (paghihigpit sa kalayaan at pagkapribado)
- Ispiritual na Pag-abuso (pinagbabawalan o tinanggihang magsagawa ng mga gawaing pang relihiyon at ispiritual, mga kaugalian at tradisyon)

**Kung ikaw o isang taong kakilala mo ay inaabuso,**
**MAGSUMBONG SA PULIS!**

## Pagsugpo sa Krimen

Ang layunin ng mga serbisyo sa pagsugpo ng krimen at mga programa ng RCMP ay magbigay ng impormasyon sa mga mamamayan ng Canada ukol sa mabisang paraan ng pagsugpo at pagbawas ng krimen sa pamamagitan ng pagbawas sa mga mapanganib na kadahilanan bago pa man mangyari ang krimen.

Nakikipagtulungan kami sa aming mga partido at stakeholders sa probinsiya at mga teritorya upang magbuo at magpatupad ng mga programa na ang layunin ay ang mga ispesipikadong isyu sa krimen sa mga komunidad sa buong Canada.

**Personal na Kaligtasan**

Tandaan ang ilang mga pangunahing pamamaraan sa kaligtasan dahil ito ay makakatulong na mapigil ang mangyari ang isang krimen o matutulungan kang makatugon sa sitwasyon nang naaayon. Ang isang simple ngunit mabisang pamamaraan ay magkaroon ka ng kamalayan sa iyong kapaligiran sa lahat ng oras. Magtiwala sa iyong kutob at kung may mga bagay na sa palagay mo ay hindi tama, lisanin kaagad ang sitwasyong iyon o kontakin ang mga pulis.

**Pagnanakaw**

Kung ikaw ay nilapitan, pinagbantaan o pisikal na sinaktan, maaari mong maiwasan ang karagdagang komprontasyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa taong iyon ng ari-arian mong gusto nila - ito ay maaaring kabilang ang iyong cell phone, pitaka, sumbrero atbp. Huwag nang makipagtalo o subukang lumaban dahil ito ay maaaring magpalalâ ng sitwasyon.

Ang ilang mga karagdagang pag-iingat na maaari mong gawin ay:

- Maglakad nang may kumpiyansa at maging alerto sa iyong kapaligiran.
- Iwasan ang pagdadala ng malaking bag o pitaka.
- Panatilihing hindi nakalitaw ang mga mga ari-arian tulad ng cell phone at mahahalagang bagay.
- Magdala lamang ng identipikasyon, pera at / o cards na kailangan mo para sa iyong partikular na biyahesight.

**Krimeng Pangsasakyan (Auto Crime)**

Kabilang sa mga krimeng pangsasakyan o auto crimes ang pagnanakaw ng iyong sasakyan at pagnanakaw mula sa iyong sasakyan. Maraming mga kaso ay maaaring mapigilan sa pamamagitan ng:

- Paggamit ng anti-theft device.
- Pagparada sa mga lugar na mahusay na naiilawan o lugar na may mga taong naglalakad sa paligid.
- Pag-aalis ng mga pag-aari mula sa iyong sasakyan (hal. shopping bags, mga barya, electronics, briefcases, atbp)
- Huwag kailanman iwanan ang iyong sasakyan habang ito ay nagwa-warm up.
- Panatilihing nakatago ang iyong garage door opener o dalhin mo ito.

**Seguridad sa Tahanan**

Ang pagkakaroon ng ilang mga mahalagang patakaran sa kaligtasan sa tahanan ay maaaring mabawasan ang pagkakataon na maging target ng mga magnanakaw. Ang mga sumusunod ay mga tip:

- Tiyakin na ang inyong bahay ay ligtas at mahusay na naiilawan.
- Panatilihin na ang inyong mga pinto at bintana ay naka-lock, kahit na kayo ay nasa bahay.
- Magpundar ng isang alarm system.
- Hayaan ang isang pinagtitiwalaang kapitbahay o kaibigan na bantayan ang inyong tahanan kung kayo ay aalis sa mahabang panahon.

Mahalagang gawin na laging mukhang may tao sa inyong tahanan dahil target ng mga magnanakaw ang mga bahay na walang tao. Ito ay maaaring kasing simple na tiyakin na walang nakatambak na mga pahayagan sa labas ng inyong pinto. Kung nagpaplano kayong umalis sa inyong tahanan sa mahabang panahon, kausapin ang inyong kompanya ng insurance dahil maaaring kailangan nilang may isang taong titingin sa inyong bahay habang kayo ay wala pa upang matiyak na sakop kayo.

**Kaligtasan sa Kalsada**

Ang lahat ng mga nagmamaneho, mga nagbibisikleta o mga nag-momotorsiklo at mga naglalakad ay may responsibilidad na magbigayan sa kalsada at sundin ang mga batas.

Ang mga naglalakad ay dapat manatili sa mga bangketa at tumawid sa mga itinakdang tawiran o cross walks. Magsuot ng maaliwalas o nag-aaninong damit upang makita agad lalo na kung masama ang panahon o gabi. Kung ikaw ay naglalakad at nakikinig ng musika, subukang huwag ilagay ang parehong headphone sa iyong tainga o huwag lakasan ang tunog upang manatiling alerto sa iyong kapaligiran.

Ang mga nagbibisikleta o mga nag- momotorsiklo ay dapat sumunod sa mga patakaran sa kalsada at magsuot ng helmet. Dapat mo ring siguraduhin na ang iyong bisikleta ay nasa mahusay na kondisyon bago mo ito sakyan.

Ang mga nagmamaneho ay dapat magkaroon ng kamalayan sa mga patakaran sa kalsada, tulad ng nakasaad sa Motor Vehicle Act. Kabilang dito ang pagsunod sa mga itinakdang limitadong bilis, pagtiyak na ang iyong sasakyan ay ligtas na patakbuhin, at lahat ng pasahero ay naka seat belt. Ang pagmamaneho ng nasa impluwensya ng droga o alkohol ay ilegal at maaaring magresulta ng pagkaaresto, pagmumulta o pagkabilanggo. Bilang karagdagan, sa BC ay labag sa batas para sa mga driver na tumawag o tumanggap ng tawag sa telepono, maliban kung sila ay gumagamit ng isang hand free device. Ang mga nagmamaneho ay hindi rin puwedeng magtext o tumanggap ng text messages.

**Alam mo ba na...**

- Ayon sa batas, dapat magsuot ng helmet kapag ikaw ay nakasakay sa bisikleta.
- Ang jaywalking ay kapag ikaw ay tumatawid sa kalsada na kung saan ay walang cross walk o traffic light. Ito ay isang paglabag at pinalalaki ang posibilidad na ang isang tsuper ng sasakyan ay 'di ka makita at maaaring magresulta ng pinsala.
- Ayon sa batas, ang driver at lahat ng pasahero ng isang sasakyan ay kailangang magsuot ng seatbelt.

- Ang mga bata na wala pang bigat na 40 lbs at mas mababa sa 4'9 " na taas ay kinakailangang nakaupo sa isang booster seat para sa kaligtasan.
- Ang mga nagmamaneho ay dapat ay magdahan-dahan at magbigay-daán' kapag papalapit sa mga opisyal na sasakyan na nakahinto sa kalsada at may kumikislap na asul, pula o dilaw na ilaw.

**Mga Panlilinlang at Pandaraya (Frauds and Scams)**

Hindi laging madaling matuklasan ang isang scam, at may bagong naiimbento bawat araw.

Kung may hinala kang ikaw ay maaaring target ng isang fraud, o kung ikaw ay nagbigay na ng pera, huwag kang mahihiya - hindi ka nag-iisa. Kung nais mong magreklamo ng isang fraud, o kailangan mo ng karagdagang impormasyon, kontakin: The Canadian Anti- Fraud Centre:

Tumawag sa Telepono: 1-888-495-8501
Website: http://www.antifraudcentre-centreantifraude.ca (Ingles at Pranses)

Ang iyong lokal pulis serbisyo ay may kakayahang tumulong at magbigay ng impormasyon kung paano manatiling ligtas kabilang ang mga paksa tulad ng identity theft, mass market fraud (telemarketers at online frauds), at payment card fraud. Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang iyong local detachment o puntahan ang

bc.rcmp.ca > Safety Tips > Frauds and Scams (Ingles at Prances)

## Panatilihing Ligtas ang Inyong Mga Anak

Bilang mga magulang, maraming mga bagay ang puwede niyong gawin upang makatulong na manatiling ligtas ang inyong mga anak:

1. Makipag-usap – Tanungin ang inyong mga anak kung ano ang kanilang dinaramdam, ano ang mga nangyayari sa paaralan at kung sino ang kanilang mga kaibigan. Mas mahusay na makilala ninyo ang mga magulang ng kanilang mga kaibigan.



2. Makilahok - Alamin kung ano ang ginagawa nila at ipakita na kayo ay interesado sa mga aktibidad nila.

3. Ipasok na mag-aral sila sa sports at/ iba pang mga aktibidades na maaaring interesado sila.

*Maraming mga libre o may kaunting bayad na mapaglilibangan sa mga lokal na recreation centres na malapit sa inyo. Maaari mong puntahan ang website ng iyong munisipalidad upang alamin ang mga oportunidad na ito.*

**Pagpapanakot (Bullying)**

Ang bullying ay kapag may isang tao na sadyang may ginagawa o sinasabi upang saktan ang ibang tao. Ang pag-uugaling ito ay madalas na paulit-ulit at sinasadya. Ang bullying ay maaaring: pisikal (pananakit, panunulak), pasalita (mga insulto, panunukso), panlipunan (pagpupwera o hindi isinasali, mga tsismis) o cyber (online, social media).

**Mga Tip upang Mapigilan ang Pagpapanakot (Bullying)**

- Maglaan ng oras para sa inyong mga anak upang mabuo ang tiwala sa bawat isa. Kung ang inyong mga anak ay pinagtitiwalaan niyo at alam nilang sinusuportahan niyo, lubos na mas madali para sa kanila na makipag-usap sa inyo kapag mayroon silang problema.

- Maging isang mabuting modelo para sa inyong anak at turuan sila ng paggalang sa ibang tao anuman ang kanilang pinagmulang kultura, kasarian o abilidad.
- Ipaliwanag sa inyong mga anak ang iba't ibang uri ng bullying at mga masamang dulot nito bago ito mangyari. Hikayatin silang magsalita kung may makita silang isang tao na biktima ng bullying.
- Makipag-ugnayan sa iba pang mga magulang at mga tauhan ng paaralan upang manatiling may kaalaman sa kung ano ang nangyayari sa inyong anak.
- Hikayatin ang inyong mga anak na lalaki o babae na sumali sa mga pagtitipon o club upang makatulong sa kanilang kompiyansa at pagpapahalaga sa sarili. Mag-alok ng mga oportunidad upang pahusayin ang relasyon nila sa ibang bata at matutong makipagkaibigan.

**Kaligtasan sa Internet**

Ang internet ay ginagamit ng mas dumaraming mga mamamayan at ito ay naging bahagi na ng ating pang araw-araw na pamumuhay. Ito ay madaling magamit sa pamamagitan ng mga computer sa loob ng tahanan, eskwelahan, aklatan at cell phone. Bilang magulang, may tungkulin kayo upang tiyakin na ang inyong mga anak ay ligtas sa paggamit ng internet. Ang ilang mga alalahanin ay ang: hindi naaangkop na materyal, bullying, harassment, at panlilinlang o frauds/scams.

MGA TIP:

- Subaybayan ang inyong mga anak habang sila'y gumagamit ng internet – ilagay ang mga computer sa mga lugar na laging naroon ang pamilya tulad ng kusina.
- Huwag ibigay ang inyong personal na impormasyon tulad ng buong pangalan, petsa ng kapanganakan, social insurance number, atbp. Kung kayo ay nagpupuno ng form para sa isang partikular na serbisyo, siguraduhin na gumamit ng website address sa URL bar. Huwag magbigay ng personal na impormasyon gamit ang links o email.
- Mag-ingat kung ano ang iyong idedeklara online - mga mensahe man o larawan. Kapag ang isang bagay ay nasa internet na, mahirap na itong alisin at maaaring makaapekto sa iyo kapag nag-aplay ka para sa isang trabaho.

*May karagdagang mga tip at impormasyon na makukuha sa inyong local detachment o online sa bc.rcmp.ca > Safety Tips > Children/Youth* (Ingles at Pranses)

**Mga Pangkat Kriminal o Grupong Mapanganib (Gangs)**

Ang gang ay isang organisadong grupo na kasangkot sa mga krimen upang kumita ng pera, magkaroon ng kapangyarihan at katanyagan. Maaaring sumali sa gang ang mga kabataan anuman ang kanilang etnikong pinagmulan o kalagayang pangkabuhayan.

Ang ilang mga palatandaan na isang kakilala mo ay maaaring kasangkot ay ang mga sumusunod:

- Palaging ginagabi nang uwi.
- Hindi maipaliwanag na pinsala o sakuna sa katawan.
- Halos wala ng oras para sa pamilya at dating mga kaibigan.
- Malihim tungkol sa mga bagong kaibigan/ biglang nagpalit ng mga kaibigan.
- Pera o mga bagay na dati ay wala siya o hindi niya kayang bilhin.
- Pagkahilig sa partikular na kulay ng damit (gang colours).
- Graffiti sa mga personal na gamit tulad ng notebooks o dingding ng kwarto.
- Mga tatoo o mga simbolo ng gang sa mga kamay o katawan.

**Mga Bawal na Gamot**

Bilang magulang, mahalaga na turuan ang inyong mga anak sa mapanganib na epekto ng bawal na gamot. Ang pinakamahusay na paraan upang gawin ito ay turuan muna ang inyong sarili. Ang edukasyon at kamalayan ay mahalaga upang makaiwas sa mga ito. Ang lokal na pulisya ay madalas makipagtulungan sa mga paaralan upang magbigay sa mga bata at kabataan ng impormasyon tungkol sa mga bawal na gamot.

**Alam mo ba na...**

- Ang alak at tabako ay ang pinaka-karaniwang sangkap na ginagamit ng mga kabataan.
- Ang mga de-resetang gamot tulad ng pain killers na ginagamit din upang maging "high" ay may malubhang mga epekto, lalo na kung ang mga ito ay hindi inireseta sa taong gumagamit nito.
- Ang karaniwang mga gamit sa bahay tulad ng mga elementong pandikit at mga likwidong panlinis at mga spray ay maaari ring gamitin at may malubhang mga epekto sa kalusugan.



## Mga Karagdagang Pangangailangan Mula sa BC

**Crime Stoppers ................................................................................................1-800-222-8477 (TIPS)**
Upang mag-ulat ng impormasyon sa isang krimen (hindi kailangang magbigay ng pangalan)

**Transit Police ................................................................................................ Text 877777**
Upang mag-ulat ng anumang mga isyu sa sky train, bus, istasyon o bus stop

**VictimLink ................................................................................................ 1-800-563-0808**
Kung ikaw ay biktima ng isang krimen, 24/7

**BC211 ................................................................................................ 2-1-1**
Upang maikunekta sa komunidad, pamahalaan o serbisyong sosyal sa inyong lugar .................. ww w.bc211.ca/

**ICBC ................................................................................................ 604-520-8222**
Serbisyo ng mga nagmamaneho at upang gumawa ng reklamo tungkol sa aksidente 24/7

**Phone busters ................................................................................................ 1-888-495-8501**
Upang mag-ulat ng anumang mga panloloko o frauds sa telepono

**Immigrant Services Society of BC (ISSofBC)..........................................................................** www.issbc.org
Serbisyo na sumusuporta sa mga imigrante at Takas (Refugees) upang matulungan silang makapanirahan, pumili ng karera/propesyon at matutunan ang lahat ng kailangang malaman para makapagsimula ng kanilang bagong buhay sa Canada.

**Crisis Line Association of BC ................................................................................1-800-784-2433**
Upang makipag-usap sa Krisis Line Workers 24/7, tungkol sa pag-iisip/pagbabalak magpapakamatay, atbp.

**HealthLink BC ................................................................................................ 811**
Paggamit sa libreng impormasyon sa kalusugan, kabilang ang kalusugang mentalidad. May makukuhang Tagapagsalin-wika. ................................................................................................ www.healthlinkbc.ca

**Kelty Mental Health Resource Centre...............................................................................1-800-665-1822**
Para sa mga bata, kabataan at mga pamilya, tungkol sa kalusugang mentalidad at paggamit ng bawal na gamot

**Diversecity Community Resources Society ........................................................................ 604-597-0205**
Pakiki-anib sa Krisis, Patnubay laban sa Trauma para sa mga Takas (Refugees) na nagmula sa magulong lugar ................................................................................................ www.dcrs.ca

**Alcohol & Drug Information & Referral Service ................................................................ 1-800-663-1441**
Lower Mainland: ................................................................................................ 604-660-9382
Para sa mga tao na nangangailangan ng tulong sa anumang abuso ng droga, 24 oras bawat araw.

**Problem Gambling Help Line ................................................................................................ 1-888-795-6111**
24 oras na impormasyon at referral service para sa mga taong labis na napapasugapa ng pagsusugal